**Lungsod at County ng San Francisco**
**Departamento ng mga Eleksyon**

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

## Setyembre 16, 2025
## Espesyal na Recall Election




Para sa Halimbawang Balota ng eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante na nakatira sa Superbisoryal na Distrito 4. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa **sfelections.gov**.

# Talaan ng mga Nilalaman

## Pangkalahatang Impormasyon


Sulat mula sa Direktor ........ 1
Mga Opsiyon sa Pagboto ........ 2
Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ........ 2
Subaybayan ang Inyong Balota ........ 3
Paano Humiling ng Pamalit na Balota ........ 3
Pagboto nang Personal ........ 3
Mga Resulta ng Eleksyon ........ 3
Batas sa mga Karapatan ng Botante ........ 4
Pagiging Kompidensiyal sa Datos ng Botante ........ 4
Programang Ligtas sa Tahanan ........ 4
Aksesibleng Pagboto ........ 5
Multilingguwal na Suporta ........ 5
Libreng mga Klase sa Ingles ........ 5
Komite para Gawing mas Simple ang Balota ........ 12
Komisyon para sa mga Eleksyon ........ 12
Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon .......... (loob ng likod na pabalat)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon .......... (likod na pabalat)
Mga Online na Mapagkukunan .......... (likod na pabalat)


## Lokal na Panukala sa Balota


Tungkol sa Recall Election ........ 6
Mga Salita na Kailangan Ninyong Malaman ........ 6
**A Panukalang Recall ukol kay Joel Engardio ........ 7**
Buod ........ 7
Pahayag ng mga May-Panukala ukol sa mga Dahilan sa Pag-Recall ........ 9
Sagot ni Superbisor Engardio sa Pahayag ........ 10
Pahayag ni Superbisor Engardio ukol sa mga Kuwalipikasyon ........ 11


Ang mga pahayag ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar. Isinalin itong teksto sa pinakamalapit na maaari sa orihinal, sa panahon ng pagsasalin.

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa San Francisco Examiner sa Setyembre 3 at 4.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
**DEPARTMENT OF ELECTIONS** John Arntz, Director

Mahal na Botante ng San Francisco, Hulyo 7, 2025

Ang mga botante lamang na nakarehistro sa Superbisoryal na Distrito 4 ang elihibleng lumahok sa Espesyal na Recall Election na gaganapin sa Setyembre 16, 2025. Ang lahat ng botanteng nakarehistro sa Distrito 4 ay makatatanggap ng balota sa koreo simula sa kalagitnaan ng Agosto.

Ang lahat ng mga botante ay makatatanggap ng isang-kard na balota na may “Oo-o-Hindi” na tanong kung dapat bang i-recall ang Superbisor ng Distrito 4. Kung mas maraming botante ang pipili ng “Oo,” ang Superbisor ay tatanggalin sa kanyang katungkulan. Kung ma-recall ang Superbisor, maghihirang ang Mayor ng isang tao sa katungkulan na magsisilbi hanggang sa susunod na nakatakdang eleksyon sa Hunyo 2026.

Sa Agosto 18, magbubukas ang Departamento ng tatlong opisyal na kahon na hulugan ng balota sa Ortega Branch Library (3223 Ortega St), sa Parkside Branch Library (1200 Taraval St), at sa City Hall (1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.). Magsisimula rin ang maagang pagboto sa City Hall sa Agosto 18.

Sa Araw ng Eleksyon (Setyembre 16), magbubukas ang Departamento ng 20 lugar ng botohan sa Distrito 4 mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ilalabas ng Departamento ang paunang mga resulta ng eleksyon sa Gabi ng Eleksyon bandang 8:45 p.m., at ang pinal na mga resulta ay masesertipika nang hindi lalampas sa Oktubre 16.

Upang matuto pa tungkol sa recall, kabilang ang elihibilidad ng botante at mga paraan sa pagboto, basahin ang pamplet ng impormasyon para sa botante na ito at bisitahin ang pahina ng “Espesyal na Recall Election” sa aming website, **sfelections.gov**.

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Director

English (415) 554-4375
Fax (415) 554-7344
TTY (415) 554-4386
sfelections.gov
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102
中文 (415) 554-4367
Español (415) 554-4366
Filipino (415) 554-4310

## Layunin ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Inihanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang pamplet na ito upang tulungan kayong makaboto sa Espesyal na Recall Election sa Setyembre 16, 2025. Sa loob ng pamplet, matatagpuan ninyo ang impormasyon tungkol sa recall at inyong mga opsiyon sa pagboto. Para sa impormasyon tungkol sa halimbawang balota, mangyaring sumangguni sa Ingles na bersyon ng pamplet. Makukuha rin ang pamplet na ito sa PDF at HTML format sa **sfelections.gov/vip**. Para humiling ng bersyon ng pamplet na malalaki ang letra, tumawag sa (415) 554-4310 o mag-email sa **sfvote@sfgov.org**.

## Mga Opsiyon sa Pagboto

Ang lahat ng mga elihibleng botante ng Distrito 4 ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa panahon ng pagboto.

### ✓ Upang Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Sundin ang mga instruksiyon sa balota, tanggalin ang resibo, ilagay ang inyong balota sa pambalik na sobre at isara ito, at lagdaan ito gamit ang parehong pirma na ginamit ninyo noong nagparehistro para bumoto. **Ibalik ang inyong balota bago o sa Setyembre 16.** Upang mabilang, ang sobre ay dapat malagyan ng postmark sa petsang iyon o maihatid nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa isang kahon na hulugan ng balota o lugar ng botohan.

#### Mga Paraan sa Pagbalik ng Inyong Balota

**Sa pamamagitan ng koreo** gamit ang sobreng bayad na ang selyo ng USPS. Bisitahin ang **usps.com/locator** para makahanap ng mailbox. Kung ibabalik sa Araw ng Eleksyon, tingnan ang mga oras ng pickup upang matiyak na ang inyong balota ay makokolekta sa tamang oras.

**Personal na ihulog sa City Hall (Room 48)** simula Agosto 18: Lunes hanggang Biyernes 8 a.m.–5 p.m. (sarado Setyembre 1); Sabado at Linggo ng Setyembre 13 at 14, 10 a.m.–4 p.m.; at sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 16, 7 a.m.–8 p.m.

**Sa isa sa tatlong kahon na hulugan ng balota,** bukas sa Agosto 18 hanggang sa Araw ng Eleksyon, na matatagpuan sa Ortega Library (3223 Ortega St), Parkside Library (1200 Taraval St), at City Hall (1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl).

**Sa alinman sa 20 na lugar ng botohan sa Distrito 4** sa Setyembre 16, 7 a.m.–8 p.m. Bisitahin ang **sfelections.gov/pollsite** o tumawag sa (415) 554-4310 para malaman ang lokasyon.

### Subaybayan ang Inyong Balota

Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** upang subaybayan ang inyong balota. Kung may isyu sa inyong sobre ng balota, tulad ng walang pirma, makatatanggap kayo ng abiso sa portal at ng mga instruksiyon kung paano ito itama.

### Kailangan ng Pamalit na Balota?

Humiling ng isa sa **sfelections.gov/voterportal**, tumawag sa (415) 554-4310, bisitahin ang Room 48 sa City Hall, o magtanong sa isang manggagawa sa botohan.

## ✓ Upang Bumoto nang Personal

**Sa City Hall (Room 48),** mula Agosto 18: Lunes hanggang Biyernes 8 a.m.- 5 p.m. (sarado Setyembre 1); Sabado at Linggo ng Setyembre 13 at 14, 10 a.m.-4 p.m.; at sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 16, 7 a.m.-8 p.m.

**Sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon,** Setyembre 16: bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Ang address ng inyong lugar ng botohan ay nakalimbag sa kanang itaas ng Mga Instruksiyon sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na kalakip ng inyong balota. Maaari rin ninyong tingnan ito sa **sfelections.gov/voterportal**.

### Ano ang Maaasahan sa Botohan

Mag-check in sa pamamagitan ng pagbibigay ng inyong pangalan at address. Maaari ninyong piliing bumoto gamit ang papel na balota o audio o touchscreen na ballot-marking device. Pagkatapos markahan ang inyong balota, ilagay ito sa pantakip na folder o pambalik na sobre. Isumite ang inyong balota sa pamamagitan ng paghulog sa ballot scanner o kahon ng balota.

## Mga Resulta ng Eleksyon

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay maglalabas ng paunang mga resulta nang 8:45 p.m. sa Gabi ng Eleksyon at magpapatuloy sa pag-update sa buong panahon ng pagbibilang. Ang pinal na sertipikadong mga resulta ay ilalabas nang hindi lalampas sa Oktubre 16. Ang lahat ng mga resulta ay ipo-post sa **sfelections.gov/results**.

Para makatanggap ng mga update sa email, mag-subscribe sa **sfelections.gov/trustedinfo**.

Ang pagbibilang ng balota ay bukas sa pampublikong pag-obserba sa tanggapan ng Departamento o sa pamamagitan ng livestream sa **sfelections.gov/observe**.

# Batas sa mga Karapatan ng Botante

Tinitiyak ng Batas sa mga Karapatan ng Botante ng California na ang lahat ng elihibleng botante sa estado ay maaaring makalahok sa mga eleksyon nang malaya at patas. Mayroon kayong sumusunod na mga karapatan:

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka, kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota.** Magagawa mong:
   - **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
   - **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan;
   - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota, kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa mail sa **elections@sos.ca.gov**

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal at walang-bayad na Nakahandang Linya para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.**

# Pagiging Kompidensiyal sa Datos ng Botante

Ang inyong impormasyon bilang botante ay hindi maaaring gamitin para sa mga layuning komersyal. May ilang hindi pang-komersyal na paggamit ang pinapayagan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **sos.ca.gov** o tumawag sa 800-345-8683.

# Programang Ligtas sa Tahanan

Kung kayo ay nasa mapanganib na sitwasyon at nangangailangan ng kompidensyal na address pang-koreo, makipag-ugnayan sa programang Ligtas sa Tahanan sa **sos.ca.gov/registries/safe-home** o tumawag sa 877-322-5227.

## Aksesibleng Pagboto

Kami ay nakatuon sa pagtulong sa lahat ng mga botante na bumoto nang pribado at malaya. Alamin ang tungkol sa mga mapagkukunan para sa aksesibleng pagboto, mga serbisyo, at pagboto sa gilid ng daan sa **sfelections.gov/accessibility**.

Maaari kayong humiling ng tulong sa pagmamarka ng inyong balota sa ibang tao. Maaaring ito ay isang manggagawa sa botohan, ngunit hindi ang inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon. Ang mga tumutulong ay maaaring tumulong sa pisikal na pagmarka ng balota, ngunit hindi sila maaaring pumili para sa inyo.

Kung kayo o may kakilala kayo na hindi maka-alis ng bahay o na-ospital, maaari kaming maghatid o kumuha ng balota. Para hilingin ang serbisyong ito, tumawag sa (415) 554-4310 o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**.

## Multilingguwal na Suporta

Nagbibigay kami ng mga balota, mga materyales, at tulong sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Nagbibigay rin kami ng mga sangguniang balota sa Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese sa lahat ng mga lugar ng personal na pagboto at sa pamamagitan ng koreo.

Para makatanggap ng mga materyales sa eleksyon sa isa sa mga wikang ito, i-update ang inyong gustong wika sa **sfelections.gov/language** o tumawag sa (415) 554-4310.

Nag-aalok din kami ng interpretasyon sa iba pang mga wika kapag hiniling. Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa wika sa mga lugar ng botohan, bisitahin ang **sfelections.gov/voteatyourpollingplace**.

## Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring bumisita sa website para sa impormasyon tungkol sa libreng mga klase: **City College of San Francisco, ccsf.edu/esl**

## Tungkol sa Recall Election

Ang Lupon ng mga Superbisor ay ang lehislatibong sangay ng gobyerno para sa Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga miyembro nito ay lumilikha ng mga batas at nag-aapruba sa taunang badyet para sa mga departamento ng Lungsod. Ang Lupon ay binubuo ng labing-isang miyembro, bawat isa ay kumakatawan sa iba't ibang distrito sa San Francisco.

Sakop ng Distrito 4 ang mga kalapit na lugar ng Sunset at Parkside. Ang kasalukuyang Superbisor ay inihalal noong Nobyembre 8, 2022, upang magsilbi mula Enero 8, 2023 hanggang Enero 8, 2027.

Ang panukalang recall para sa Superbisor ng Distrito 4 ay inilagay sa balota kasunod ng sertipikasyon ng isang petisyon sa recall.

Kung mas marami ang mga botanteng pumili sa "Hindi" kaysa sa "Oo," mananatili sa katungkulan ang Superbisor. Kung nakatanggap ng mas maraming mga boto ang "Oo", matatanggal ang Superbisor sa katungkulan, at maghihirang ang Mayor ng kapalit para magsilbi hanggang sa susunod na nakatakdang eleksyon sa Hunyo 2026. Ang katungkulan para sa Distrito 4 ay makikita sa Hunyo 2026 na balota para punan ang natitira sa kasalukuyang termino, at muli sa Nobyembre 2026 na balota para punan ang susunod na buong termino simula sa Enero 2027.

## Mga Salita na Kailangan Ninyong Malaman

### Mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Ang Eleksyon para sa Pagre-recall ang paraan kung paano maaaring tanggalin ng mga botante ang inihalal na opisyal mula sa katungkulan. Sa San Francisco, itinatakda ng seksiyon 14.103 ng Tsarter ng San Francisco ang panahon ng eleksyon para sa pagre-recall ng lokal na mga opisyal.

Kailangang magpaikot ang mga may-panukala ng pagre-recall ng petisyon para sa pagre-recall at magsumite ng lagda ng mga botante sa Department of Elections o Departamento ng mga Eleksyon (Departamento). Matapos mapatunayang sapat ang bilang ng mga lagda sa petisyon para sa pagre-recall, kailangang magtakda ang Direktor para sa mga Eleksyon ng espesyal na recall election na isasagawa sa loob ng mula 105 hanggang 120 araw.

Matapos ang eleksyon para sa pagre-recall, bibilangin ng Departamento ang mga boto at sesertipikahin ang mga resulta ng eleksyon sa loob ng 30 araw matapos ang eleksyon. Pagkatapos nito, idedeklara ng Lupon ng mga Superbisor ang mga resulta ng eleksyon sa pamamagitan ng pag-apruba ng resolusyon sa pampublikong pulong. Magiging bakante ang katungkulan ng na-recall na opisyal 10 araw makalipas ang pag-apruba ng Lupon ng resolusyong ito.

Kapag nabakante na ang katungkulan, maaaring magtalaga ang Mayor ng indibidwal upang mapunan ang bakanteng posisyon na ito. Maglilingkod ang itinalagang indibidwal hanggang sa susunod na eleksyon ng Lungsod.

# Proposisyon A
# Panukalang Recall ukol kay Joel Engardio

## Dapat bang i-recall (tanggalin) si Joel Engardio mula sa Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco?

**Itinatakda sa panukalang ito ang pagkakaroon ng 50% + 1 na botong oo upang maipasa.**

---

**Buod** ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota).

**Kung Ano Ito Ngayon:** Ang Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco (ang Lupon) ang lehislatibong pangkat ng San Francisco na binubuo ng 11 miyembro, kung saan inihalal ang bawat isa upang katawanin ang isa sa 11 heyograpikong distrito ng San Francisco.

Inihalal si Joel Engardio para sa apat na taong termino noong Nobyembre 8, 2022, upang katawanin ang Distrito 4. Ang susunod na naka-iskedyul na eleksyon para sa katungkulan sa Distrito 4 ay nakatakda sa Nobyembre 3, 2026.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon A ay isang panukalang recall, kung saan kapag naipasa ito, ay matatanggal si Joel Engardio mula sa katungkulan 10 araw matapos ideklara ng Lupon ang mga resulta ng Espesyal na Recall Election sa Setyembre 16, 2025. Maaaring magtalaga ang Mayor ng kapalit upang maglingkod bilang Superbisor ng Distrito 4 hanggang sa magsagawa ang Lungsod ng eleksyon para punan ang bakanteng posisyon.

Malamang na isasagawa ang eleksyon upang mapunan ang hindi pa natatapos na termino sa panahon ng susunod na regular na nakatakdang eleksyon, sa Hunyo 2, 2026. Maglilingkod ang kandidato para sa natitirang bahagi ng termino ni Joel Engardio. Maaaring tumakbo ang kapalit na itinalaga ng Mayor bilang kandidato sa eleksyong iyon.

**Nangangahulugan ang Pagboto ng "OO" na:** Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong tanggalin si Joel Engardio mula sa Lupon ng mga Superbisor ng San Francsico.

**Nangangahulugan ang Pagboto ng "HINDI" na:** Kapag bumoto kayo ng "hindi," gusto ninyong manatili si Joel Engardio sa Lupon ng mga Superbisor ng San Francsico.

## Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), ukol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Greg Wagner ng sumusunod na pahayag ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Sakaling aprubahan ng mga botante ang mungkahing panukalang recall, sa aking palagay ay magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Kung maaaprubahan ang panukalang recall, posibleng magkaroon ng karagdagang gastos sa paglilimbag ng materyales sa regular na naka-iskedyul na eleksyon sa Hunyo 2026, bagamat nasa antas ito na hindi pa mapag-aalaman sa panahong ito.

## Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Mayo 29, 2025, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon (Departmento) na nagtataglay ang petisyon para sa pagre-recall kay Joel Engardio, na miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco at kumakatawan sa Distrito 4, ng sapat na bilang ng balidong mga lagda upang mangailangan ng espesyal na recall election.

Isinumite ang petisyon sa Departamento noong Mayo 22, 2025. Alinsunod sa Elections Code (Kodigo para sa Eleksyon) ng California §11225, nagsagawa sa umpisa ang Departamento ng ala-suwerteng halimbawa na may 549 lagda, na kumakatawan sa 5% ng kabuuang isinumite. Batay sa resulta ng paunang pagsusuring ito, itinuloy ng Departamento ang buong pagpapatunay ng lahat ng lagdang isinumite.

Matapos makompleto ang proseso ng pagpapatunay, napagpasyahan ng Departamento na balido ang 10,523 lagda. Lampas ang bilang na ito sa pinakamababa na maaaring bilang na 9,911 balidong lagda na kinakailangan upang maging kuwalipikado ang petisyon para sa pagkakaroon ng espesyal na recall election.

Ang pahayag na nasa itaas ay walang kinikilingang pagsusuri ng panukalang ito. Sinusundan ito ng Pahayag ng mga May-Panukala ng mga Dahilan para sa Pagre-recall, ang Sagot ng Superbisor, at ang Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Superbisor. Para sa May Bayad na mga Argumento na may kinalaman sa panukalang ito, bisitahin ang **sfelections.gov/vip** o tumawag sa (415) 554-4310.

# Pahayag ng mga May-Panukala ukol sa mga Dahilan para sa Pagre-recall at ang Sagot ni Superbisor Engardio

Kasama sa petisyon para sa pagre-recall (pagpapaalis sa katungkulan) na pinaikot sa kabuuan ng Superbisoryal na Distrito 4 ang Pahayag ng mga May-Panukala ukol sa mga Dahilan para sa Pagre-recall at ang Sagot ng Superbisor sa Pahayag, na ipinagkakaloob sa ibaba, alinsunod sa Elections Code (Kodigo para sa mga Eleksyon) ng California seksiyon 11325.

## Pahayag ng mga May-Panukala ukol sa mga Dahilan

SA KAGALANG-GALANG na Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco Joel Engardio: Alinsunod sa Seksiyon 11020 ng Kodigo para sa mga Eleksyon ng California, nagbibigay ng abiso ang nakapirma na rehistrado at kuwalipikadong mga botante ng Superbisoryal na Distrito Kuwatro ng San Francisco, sa Estado ng California, na kami ang mga may-panukala ng petisyon para sa pagre-recall, at intensiyon naming hilingin ang pagre-recall at pagtanggal sa inyo mula sa opisina ng Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco Distrito Kuwatro, sa San Francisco, California. Ang mga batayan sa pagre-recall ay ang mga sumusunod:

Nang nangampanya si Superbisor Engardio para sa katungkulan, nangako siyang maghahatid ng kabukasan sa pagsisiyasat, kaligtasan ng publiko, at mas ligtas na mga kalye sa mga residente ng Distrito Kuwatro (“D-4”). Nang mahalal na siya, pinagtaksilan ni Engardio ang mga botante sa D-4 sa pamamagitan ng hindi pagtupad sa kanyang mga pangako, pagkabigong konsultahin sila ukol sa kanilang mga perspektiba at pangangailangan, at pagpapabaya sa kaligtasan ng komunidad.

Sa pamamagitan ng pagtataguyod at pangangampanya para sa inisyatiba upang permanente nang masarado ang Great Highway (Proposisyon K), nilabag ni Engardio ang kanyang mga pangako sa kampanya na magiging bukas sa pagsisiyasat, at ipinagwalang-bahala niya ang mga pangangailangan at inaalala ng mga residente ng D-4. Ipinagkait ni Engardio sa kanyang mga nasasakupan ang oportunidad na maabisuhan at makapagbigay ng input bago bumoto ukol sa paglalagay sa Prop K sa balota.  Napatunayan nang walang pagdududa ang kanyang kawalan ng interes sa mga opinyon ng kanyang mga nasasakupan nang magkaroon ng napakaraming boto laban sa Prop K.

Isinasapanganib ng Prop K ni Engardio ang kaligtasan ng ating komunidad. Magbabago ang ruta ng trapiko tungo sa mga daanan kung saan mataas ang bilang ng mga napipinsala at siksikan; hahaba ang panahon ng pagbibiyahe, darami ang mga sasakyang nagbubuga ng usok mula sa tambutso sa residensiyal na mga kalye sa D-4; hahaba ang panahon para sa pagtugon sa mga serbisyong pang-emergency; at hindi magagamit ang pangunahing ruta para sa paglikas sa Western San Francisco sakaling magkaroon ng sakuna o malaking sunog; lalong sisikip ang trapiko sa mga komunidad ng D-4 at sa Golden Gate Park, kung kaya’t maaapektuhan ang kalidad ng hangin at kaligtasan ng mga naglalakad.

Nabigo si Engardio na katawanin ang mga residente ng D-4 at nararapat lamang na agad na ma-recall.

## Sagot ni Superbisor Joel Engardio sa Pahayag

Sinisikap kong maging superbisor na tumutugon at madaling makausap ukol sa mga usapin, magmula sa mga basurahan hanggang sa sirang mga upuan. Mahalaga ang bawat pagsasaayos.

Bilang superbisor, nagawa ko nang:

- Makapagdala ng higit na proteksiyon ng mga pulis sa Sunset
- Makipaglaban upang maibalik ang algebra sa mga middle school
- Makalikha ng mga panggabing merkado kasama ang mga ka-partner sa komunidad
- Mabawasan ang labis-labis na patakaran para sa maliliit na negosyo.
- Matiyak ang pagkakaroon ng pondo para sa mga pagpapahusay sa Sunset Boulevard greenway
- Makapaghatid ng pang-ayudang pondo sa mga negosyante ng Taraval na naapektuhan ng bagong konstruksiyon sa mga kalye

Hinihiling ko sa mga botante na isaalang-alang ang kabuuan ng aking trabaho — hindi lamang ang iisang usapin.

Dahil sa mga pananaw ng mga residenteng tumutol sa Prop K, naging mapagkumbaba ako. Marami ang nagsabing hindi nila naramdaman na napakinggan sila sa proseso, at isinasapuso ko ang punang ito.

Malakas at malinaw kong naririnig na kailangan natin ng mas ligtas na residensiyal na mga kalye at mas mahusay na pagdaloy ng trapiko. Maaari nating magpagkasunduan ito.

Nakabatay ang recall na ito sa aking pagsuporta upang mailagay ang Prop K sa demokratikong pagboto ng mga mamamayan. Bagamat may karapatan ang mga botante na mag-recall sa inihalal na mga lider, hindi mababago ng pagre-recall na ito ang kahihinatnan o ang pagpapatupad ng Prop K.

Kung pinag-iisipan ninyo ang paglagda rito, mangyaring makipag-ugnay muna sa aking opisina. May pangako akong makikipagtrabaho sa inyo upang matugunan ang mga inaalala ninyo.

Magkakasama nating likhain ang pinakamahusay nating Sunset.

*Superbisor Joel Engardio*

DeclineToSignEngardioRecall.org

# Pahayag ng May-Katungkulan ukol sa mga Kuwalipikasyon

Sa ilalim ng Elections Code (Kodigo para sa mga Eleksyon) ng California, Seksiyon 11327, maaaring magsumite ang inihalal na opisyal na siyang pinatutungkulan ng recall (pagpapaalis sa katungkulan) ng pahayag na ililimbag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Isinumite ang sumusunod na pahayag ni Superbisor Engardio sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon):

## Pahayag ni Superbisor Joel Engardio

Hindi sa A. Panatilihing Umuusad nang Pasulong ang San Francsico

Sa wakas ay patungo na ang San Francisco sa tamang direksiyon — at ikinararangal kong maging bahagi ng pag-unlad na ito. Inihalal ako ng mga botante dahil gusto nila ng mga resulta, at hindi ng pamumulitika.

Iyan ang dahilan kung bakit ako ay:

- Tumindig kasama ang mga magulang at tumulong upang maibalik ang algebra sa ika-8 grado.
- Nagtiyak ng pagkakaroon ng regular na pagpapatrolya ng mga pulis sa kabuuan ng Sunset at nang magawang mas ligtas ang ating mga komunidad.
- Nagbalik ng paggamit ng paradahan sa Lower Great Highway, na inokupa na ng mga RV sa loob ng maraming taon.
- Naglunsad ng Sunset Night Market (Panggabing Merkado sa Sunset) kasama ang mga ka-partner sa komunidad, na nakapanghihikayat ng sampu-sampung libong mga tao upang kanilang suportahan ang lokal na mga negosyo.

Ngayon, pinag-iibayo ko pa ang pagpapasiglang iyon sa pamamagitan ng mahigpit na pakikipagtrabaho kay Mayor Lurie. Sama-sama tayong nakalilikha ng mas maningning na kinabukasan para sa Sunset at sa San Francisco.

Ang recall na ito ay hindi tungkol sa korupsiyon, maling gawain, o pagkabigong gawin ang aking trabaho — politikal na pagganti ito batay sa iisang usapin.

Pinatutunayan ng aking rekord na kaya kong makapaghatid ng tugon sa marami sa mga usaping pinakapinahahalagahan ng mga residente ng Sunset: kaligtasan ng publiko, mahuhusay na paaralan, epektibong gobyerno, at umuunlad na maliliit na negosyo.

Nakikinig ako. Namumuno ako nang may pagmamalasakit. At walang pagod akong nagtatrabaho para sa bawat residente ng Sunset.

Bumoto ng Hindi sa A. Panatilihin nating umuusad nang pasulong ang San Francsico.

StopTheEngardioRecall.com

*Joel Engardio*
*Superbisor ng Distrito 4*

## Tungkol sa Komite para Gawing mas Simple ang Balota

Ang Komite para Gawing mas Simple ang Balota ang sumusulat sa mga buod ng mga lokal na panukala sa balota. Inililimbag namin ang pinal na mga buod sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Ang kasalukuyang mga miyembro ng Komiteng ito ay kinabibilangan nina:

**Betty Packard, Tagapangulo**
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Ruth Grace Wong**
Nominado ng League of Women Voters (Liga ng mga Kababaihang Botante)

**Pamela Troy**
Nominado ng National Academy of Television Arts and Sciences (Pambansang Akademiya ng Sining at Agham ng Telebisyon)

**Michele Anderson**
Nominado ng Pacific Media Workers Guild (Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pacific)

**Alicia Wang**
Nirekomenda ng Superintendent ng San Francisco Unified School District (Superintendente ng Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco)

**Ana Flores, ex officio***
Deputy City Attorney (Katuwang ng Abugado ng Lungsod)

**Michael Gerchow, ex officio***
Deputy City Attorney (Katuwang ng Abugado ng Lungsod)

* Ayon sa batas, maaaring magsalita ang Abugado ng Lungsod o mga kinatawan mula sa Tanggapan ng Abugado ng Lungsod sa mga pagpupulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.

## Tungkol sa Komisyon para sa mga Eleksyon

Ang Komisyon para sa mga Eleksyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang mga plano sa bawat eleksyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng Komisyong ito ay kinabibilangan nina:

**Michelle Parker, Presidente**
Itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

**Renita LiVolsi, Bise Presidente**
Itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

**Kelly Wong**
Itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

**Rebecca Bers**
Itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

**Trevor McNeil**
Itinalaga ng Mayor

*Bakante*
Itatalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

*Bakante*
Itatalaga ng Treasurer (Tesorero)

# Setyembre 16, 2025, Espesyal na Recall Election

**Tanging mga botante na nakatira sa Distrito 4 at rehistrado na may address ng tirahan sa Distrito 4 ang maaaring bumoto sa Eleksyon na ito.**

## Mahahalagang mga Petsa

**Agosto 18**

- Ipadadala ang mga paketeng vote-by-mail sa mga nakarehistrong botante ng Distrito 4.
- Ang sinumang botante ng Distrito 4 ay maaaring i-access, markahan, at i-print ang aksesibleng balota sa **sfelections.gov/access**.
- Magbubukas ang tatlong kahon na hulugan ng balota sa:
  - ✓ Ortega Branch Library (3223 Ortega St)
  - ✓ Parkside Branch Library (1200 Taraval St), at
  - ✓ City Hall (1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.)

**Agosto 18 – Setyembre 16**

- Bukas ang pagboto nang personal sa City Hall, Room 48. Ang mga oras ng pagboto ay:
  - ✓ Lunes – Biyernes, Agosto 18 – Setyembre 15: 8 a.m.–5 p.m. (maliban sa Setyembre 1 holiday)
  - ✓ Sabado at Linggo, Setyembre 13–14: 10 a.m.–4 p.m.
  - ✓ Araw ng Eleksyon, Setyembre 16: 7 a.m.–8 p.m.

**Setyembre 2**

- Huling araw ng pagpaparehistro para makaboto at makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo.
- Pagkatapos ng petsang ito, maaaring magparehistro at bumoto nang personal sa City Hall, Room 48 o sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

**Araw ng Eleksyon, Martes, Setyembre 16**

- Bukas ang City Hall, Room 48 at 20 lugar na botohan sa Distrito 4 mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.
- Ang mga balotang ibabalik nang personal ay dapat matanggap bago mag-8 p.m.
- Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang may postmark bago mag-8 p.m. sa Araw ng Eleksyon.
- Ang paunang mga resulta ng eleksyon ay ilalabas ng Departamento nang 8:45 p.m.

**Oktubre 16**

Huling araw para sa Departamento ng Eleksyon na masertipika at ilabas ang pinal na mga resulta ng eleksyon.

**DEPARTMENT OF ELECTIONS**
City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.gov

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

## Address na Pang-koreo / Mailing Address:

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

*Notice: If the person above is not at this address, please help keep the voter rolls current and save city funds by returning this pamphlet to your mail carrier.*

## May mga Katanungan? Nandito Kami para Tumulong

Makipag-ugnay sa aming multilingguwal na pangkat, mag-email, o bumisita sa aming tanggapan!

| Telepono | Koreo | Email |
|---|---|---|
| Filipino: (415) 554-4310 | City Hall, Room 48<br>San Francisco, CA 94102 | sfvote@sfgov.org |

## Mga Online na Mapagkukunan

- ✔ Subaybayan ang inyong balota o humiling ng kapalit: **sfelections.gov/voterportal**
- ✔ Markahan ang inyong balota gamit ang online na aksesibleng sistemang vote-by-mail: **sfelections.gov/access**
- ✔ Tingnan ang mapa ng mga kahon na hulugan ng balota: **sfelections.gov/ballotdropoff**
- ✔ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong nakatalagang lugar ng botohan: **sfelections.gov/myvotinglocation**
- ✔ Tingnan ang pauna at pinal na mga resulta ng eleksyon: **sfelections.gov/results**
- ✔ Mag-subscribe para sa aming opisyal na balita at mga update: **sfelections.gov/trustedinfo**